



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 4 Bilang 2 | Abril-Hulyo 2017

CARD MRI, nakilahok sa ASEAN 2017 MSME Development Summit

ni CLEO M. FIGURACION

Nakiisa ang *founder at chairman* ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa kilalang *stakeholders* mula sa mga pribado at pampublikong sektor na naglalayong mapaunlad ang MSMEs sa ASEAN 2017 MSME Development Summit na pinangunahan ng Department of Trade and Industry (DTI) noong Hulyo 14 sa Philippine International Convention Center sa Maynila.

“Bahagi ng *business model* ng CARD MRI na matulungan ang mga kliyente ng *microfinance* na maging SMEs. Kami ay masaya dahil maraming tao at institusyon ang nagtataguyod at sumisiguro sa paglago ng MSMEs,” pagbabahagi ni Dr. Alip.

Sa kaniyang talumpati, nabanggit ni DTI Secretary Ramon Lopez na ang CARD

MRI ay isa sa mga institusyong sumusuporta sa programang Pondo sa Pagbabago at Pag-assenso (P3) ng ating bansa. Ayon sa kalihim, ang programang P3 ay kasalukuyang naglalayon ng karagdagang P2-bilyon budget sa pondong P1-bilyon. Dahil sa karagdagang pondo, inaasahan na maapektuhan ang operasyon ng mga *5/6 operators* o *loan sharks* sa bansa.

Ayon kay Dr. Alip, ang CARD MRI ay isa sa mga tumutulong sa gobyerno upang matiyak na ang mga maralitang pamilya ay magkaroon ng mas maayos na tulong-pinansyal na mag-aahon sa kanila mula sa kahirapan. “Ang pagkakaroon ng utang na may mataas na interes ang siyang dahilan sa mas lugmok na kalagayan ng mga mahihirap na pamilya kaya hangad ng CARD MRI na mapalayo ang mga pamilyang ▶ 3



Golden awardee. Ang CARD Banking Group na binubuo ng CARD Bank, CARD SME Bank, at Rizal Bank, Inc. (RBI), ay ginawaran ng Bangko Sentral ng Pilipinas ng Gold Hall of Fame Award – Outstanding Financial Inclusion Champion dahil sa adbokasiya nitong makapagbigay ng serbisyong pinansyal sa mga mahihirap na pamilya sa Pilipinas. Mula sa kaliwa papuntang kanan: Elma B. Valenzuela (RBI CEO and President), Dr. Dolores M. Torres (CARD Bank Senior Management Adviser), Dr. Jaime Aristotle B. Alip (CARD MRI Founder and Chairman), Nestor Espenilla, Jr. (BSP Governor), Flordeliza L. Sarmiento (CARD MRI Managing Director), Aristeo A. Dequito (CARD SME Bank President and CEO), Lorenza dT. Bañez (CARD Bank Executive Vice President), Mary Jane Perreras (CARD SME Bank Senior Management Adviser), Cynthia B. Baldeo (CARD SME Bank Executive Vice President), and Marivic M. Austria (CARD Bank President and CEO). - ni CYRENE LUBIGAN

CARD MRI, naglunsad ng libro ukol sa epekto nito sa bansa

ni JEFF TANDINGAN

Naglunsad ng libro ang CARD MRI na pinamagatang, “*Three Decades of Serving the Poor: Imprint of CARD to its Staff, Clients and Communities, and Philippine Microfinance Industry*”, noong ika-22 ng Abril 2017 sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Bay Campus sa Laguna.

Laman ng nasabing libro ang epekto ng CARD

MRI sa mga kawani nito, kliyente, at komunidad, at ang mga kontribusyon nito sa *microfinance industry* sa loob ng 30 taong pagtulong sa pamilyang Pilipino na nangangailangan ng pagbabago sa kanilang mga buhay.

Ayon sa *managing director* ng CARD MRI na si Gng. Flordeliza Sarmiento, sa loob ng 30 taon na pagsisilbi sa mga mahihirap na sektor sa bansa,

nais nilang makita ang mga pagbabago na hatid ng CARD MRI sa mga tao sa likod ng tagumpay ng institusyon.

Ang libro at mga may-akda

Ang kabanata na inakda ni Dr. Antoinette B. Bolaños, isang konsultant ng iba’t ibang *non-profit organization*, ay nagtatalakay ng mga iniwang marka ng CARD MRI sa kanilang mga kawani. Binabanggit sa kabanata na ito na ang *professional development*, promosyon, at mga karanasan mula sa organisasyon ang naghasa sa mga personalidad ng mga kawani, nakapagpalawak ng kanilang mga *career outlook*, at nagpabuti ng kanilang mga estado sa buhay.

Dagdag pa ni Gng. Sarmiento na namuhunan ang CARD MRI sa mga ▶ 2

CARD microentrepreneurs, pinarangalan sa Malacañang

ni JEFF TANDINGAN

Kabilang ang dalawang *microentrepreneur* na miyembro ng CARD MRI sa 26 *Inspiring Filipina Entrepreneurs* na kinilala ni Pangulong Rodrigo Duterte sa GoNegosyo Inspiring Filipina Entrepreneurs 2017 na ginanap kamakailan lamang sa Malacañan Palace. Sila ay sina Ester Shiela Vitto ng Bahag Footwear at Arlene Mabute ng Mabute Lumpia Wrapper at Cheese Stick Maker.

Naglalayon ang taunang parangal na kilalanin ang kababaihan na naglingkod bilang *catalysts* para sa pagbabago at pag-unlad at magbigay ng inspirasyon sa iba pang mga umuusbong na negosyanteng Pilipina upang ituloy ang kanilang mga layunin. Ang pagkilala ngayong taon ay bahagi ng pagdiriwang ng GoNegosyo

sa International Women’s Month.

Pagkilala sa mga kliyente

Kinilala si Ester Shiela Vitto sa Galing Ni Nanay Awards ng CARD MRI at isang *regional awardee* para sa CITI Microentrepreneurship Awards (CMA) 2015. “Ang saloobin ni Gng. Vitto ang nagdala sa kaniya ng tagumpay sa kaniyang *microenterprise*,” ayon sa CARD Bank President at CEO na si Gng. Marivic Austria.

Isa ring *finalist* si Arlene Mabute ng Pagkilala sa Mga Likha ni Inay at CMA. Ang kaniyang kasanayan sa pamamahala ng negosyo ang kaniyang naging susi sa tagumpay.

Ang iba pang Filipina na nanalo ay mula sa ▶ 3

PANREHIYON

Rizal Bank, Inc., nagbukas ng ika-11 na sangay ng bangko ▶ 4



PANGKALUSUGAN

CARD MRI at PRC Bloodletting ▶ 14



STOCKHOLDERS’ SECTION

Bukas na liham ▶ 16



Miyembro ng RBI, umere sa GoNegosyo Radio

ni JEFF TANDINGAN

Kamakailan lamang ay dumalo si Arlene Mabute, isang miyembro ng Rizal Bank, Inc. (RBI) sa isang panayam nina Senator Paulo Benigno “Bam” Aquino IV at DJ Faith Salaver sa GoNegosyo Radio upang magbahagi ng kaniyang kuwento ng tagumpay sa negosyo.

Ayon kay Mabute, nagsimula lamang ang kaniyang negosyo sa P300 kapital na ibinigay ng kaniyang ina. Ginamit niya ito upang bumili ng *lumpia wrapper* at keso upang gumawa ng *cheese sticks*.

Napalago niya ang kaniyang maliit na kapital.

Dahil sa kagustuhang mas makatipid at magkaroon ng mas malaking kita, pinasok na rin ni Mabute ang paggawa ng kaniyang sariling *lumpia wrapper*. Naging katuwang niya ang RBI, isang *microfinance-oriented rural bank*, sa pagbili ng kaniyang kagamitan sa paggawa ng *lumpia wrapper*.

Dahil dito, mas naging epektibo at mabilis ang produksyon ng kaniyang mga produkto at mas marami na siyang mamimili

► 3

“If you can teach a nation to fish, you feed a nation many lifetimes.”

- JOEY CONCEPCION
Presidential Adviser for Entrepreneurship
and Go Negosyo Founder

THE GO NEGOSYO STORY

The advocacy started in 2005 when former President Gloria Macapagal-Arroyo appointed Joey Concepcion as the Presidential Adviser for Entrepreneurship.

To institutionalize the entrepreneurship development advocacy, the Philippine Center for Entrepreneurship Foundation, a non-government organization, was created.

For the past 11 years, Go Negosyo has stood by its conviction that Filipinos can address poverty in the country by developing an entrepreneurial mindset - being optimistic, passionate, creative, innovative, and resourceful. The Philippine Center for Entrepreneurship - Go Negosyo amplifies its goals by providing entrepreneurship education to the underprivileged sectors such as women, youth, Out of School Youth, OFWs, PWDs around the country. Having the right mindset and competency empower Filipinos to move up in life. For Go Negosyo, this is the lasting solution to eradicate poverty and build an entrepreneurial nation.

www.gonegosyo.net

f Go Negosyo Official

@letsgonegosyo



Libro nilunsad ng CARD MRI...

◀ 1

tauhan nito upang magkaroon ng malasakit sa pagtulong sa mga mahihirap at panatilihin ang tungkulin nito na wakasan ang kahirapan sa bansa.

Si Dr. Mimosa Cortez-Ocampo, na dalawang beses nang tumanggap ng *Professorial Chair Award* mula sa CARD MRI, at Mr. Pedro Ocampo, dating konsultant sa *non-livestock matters* ng Food and Agriculture Organization, World Bank, Asian Development Bank, *national organizations* at *groups*, ang naghatid ng resulta sa naging epekto ng CARD

MRI sa mga kliyente nito at komunidad. Sa kanilang pag-aaral, makikita na ang CARD MRI ay makagagawa ng mga positibong pagbabago sa buhay ng mga kliyente nito. Nararamdaman ng karamihan sa mga kasali sa pag-aaral na sila ay pinagkalooban ng lakas sa pamamagitan ng tulong na mula sa organisasyon.

Sa pagnanais na tulungan ang mga kliyente na makapagtayo ng sarili nilang negosyo, nagawa ng CARD MRI na makatulong sa pagpapalago ng lokal na ekonomiya habang ang kanilang mga kliyente ay

nagtataguyod ng kanilang negosyo sa kanilang lugar. Ang kanilang negosyo ay nakapagbibigay ng mga trabaho at dagdag na produkto at serbisyo, na naging daan naman sa paglago ng kita ng lokal na pamahalaan.

Ayon naman sa kabanata na isinulat ni Lalaine Joyas, isang *independent microfinance consultant*, at June Frances Hamoy, nagtapos ng *Mass Communication* sa UP Cebu at nagtatrabaho sa NGO na nag-aambag sa *social development*, mahalaga ang ginampanang tungkulin ng CARD MRI sa

pagbabago ng industriya ng *microfinance* sa Pilipinas. Ang mga makabagong ideya, magagandang gawain, maayos na kapaligiran, pagsasaayos ng *microinsurance*, *human capital development*, at *knowledge sharing platform* ay ilan lamang sa mga kontribusyon sa industriya.

Dinaluhan ang paglulunsad ng libro nina Senator Paulo Benigno “Bam” Aquino IV, DTI Secretary Ramon Lopez, Mr. Washington SyCip, mga *international* at *local partners*, at mga kawani at mga kliyente ng CARD MRI.

Ibinahagi ni DTI

Secretary Ramon Lopez na sa iisang bagay lamang nakatutok ang tagapagtatag at Chairman ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip at ito ay kung paano mas mapapabuti ang buhay ng mga mahihirap. Ayon sa kaniya, kung mayroon kang ganitong uri ng pagmamahal at pananaw, siguradong maaabot mo ang iyong mga layunin. At ito ang kanilang nakikita ngayon. Dagdag pa niya na ang CARD MRI ay nagsisilbing inspirasyon ng maraming institusyon.

Ayon naman kay Senator Aquino, naging mahalagang bahagi ng buhay ng bawat isa ang CARD. Nakita ng lahat kung paano lumago ang CARD, at kung paanong mas napabuti ang pamumuno nito, at kung paanong kasabay nitong lumago ang mga partner nito. Marami nang naabot ang CARD na higit pa sa inaasahan ng maraming mga grupo. Sa palagay ng senador, magpapatuloy ang CARD sa paglago kasama ang mga susunod na pinuno nito. Ang istorya ng CARD ay istorya ng pagtitiwala.

Isang organisasyon ang CARD MRI na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng *financial* at *non-financial products* katulad ng pangkalusugan, mga programang pang-edukasyon, pangkabuhayan, at iba pang *capacity-building programs*.



Nagbigay ng mensahe ang mga *international partner* ng CARD MRI sa ginanap na *book launch* na tinawag na “Three Decades of Serving the Poor: Imprint of CARD to its Staff, Clients and Communities, and Philippine Microfinance Industry” noong ika-22 ng Abril 2017 sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Bay Campus sa Laguna.

May kakilala ka bang katulad nila sa CARD MRI?



*Hirangin ang
Natatanging Kawani
sa iyong Unit.*

Naglabas ng bagong patakaran at alituntunin ang Community Development Group ukol sa pagpili ng inyong natatanging kawani.

Para sa inyong patnubay, basahin ang Memorandum COMDEV-2017-001 na may kalakip na information guide, fact sheet, tracking forms at certificate template.



CARD Mutually Reinforcing Institutions

GoNegosyo sa Radyo... 2



ngayon sa kaniyang lugar sa Antipolo. Wala man siyang pormal na pagsasanay sa pagnenegosyo, sa pamamagitan ng suporta ng RBI ay patuloy na lumalago ang kaniyang negosyo.

Ibinahagi naman ni Elma Valenzuela, ang presidente at CEO ng RBI, ang kaniyang kaligayahan. “Higit kaming nalulugod sa tagumpay na natatamo ng aming mga miyembro. Ang tagumpay nila ang aming karagdagang motibasyon upang ipagpatuloy pa ang aming serbisyo sa mas marami pang nangangarap na mapabuti ang antas ng kanilang pamumuhay.”

“Hindi dapat maging hadlang sa iyong pag-unlad ang pagkakaroon lamang

ng maliit na kapital. Marami ang puwedeng magbigay suporta tulad ng mga *financial institution*. Higit dito, ang pagiging mapamaraan at ang iyong pagsusumikap ay malalaking hakbang patungo sa iyong pangarap,” pagbabahagi ni Gng. Mabute.

Dahil sa kaniyang determinasyon at patuloy na pagsusumikap, napabilang si Gng. Mabute bilang isa sa mga GoNegosyo’s Inspiring Filipina Entrepreneurs Awardee-Micro Entrepreneurship Category.

Nilalayon ng programang GoNegosyo sa Radyo na makapagbigay inspirasyon sa mga tagapakinig upang mas pagbutihin pa at magsumikap sa kanilang mga napiling negosyo.

ASEAN MSME Summit... 1

ito sa ganoong uri ng pautangan,” dagdag ni Alip.

Ang suporta ng gobyerno sa estado ng MSMEs ay siya ring magiging dahilan sa tagumpay ng bago nitong istrategiya sa pagkamit ng misyon ng kompanya na naihayag noong taong 2015. Ayon kay Dr. Alip, ang CARD

MRI kasama ang 21 nitong institusyon, ay makakamit ang walong milyong MSMEs, at mabibigyang seguro o *insurance* ang 40 milyong indibidwal sa taong 2020.

Ang CARD MRI ay nagbibigay ng mga programa at serbisyong pampinansyal at pangkaunlaran. Sa

kasalukuyan, mahigit 4.5 milyong kliyente na ang sineserbisyuhan at 13.5 milyong indibidwal na ang naiseguro. Patuloy pa rin ang paglawak nito sa mga malalayong lugar at iba’t ibang panig ng bansa kung saan mahirap makakuha ng serbisyong pampinansyal.



CARD micro-entrepreneurs pinarangalan ... 1

mga kilalang kompanya, korporasyon at *foundation*, *micro*, *small*, *medium* at malalaking *enterprises*, at ang mga kabataan.

Panalong saloobin

Kinikilala ang kababaihan sa pamamahala ng isang makabagong negosyo o produkto. Sila ay buo ang puso, positibo, at mayroong “*winning attitude*”. Pinakamahalaga pa rin na sila ay lumikha ng positibong epekto sa buhay ng mga pinaglilingkuran nilang mahihirap na komunidad. “Hinirang namin ang dalawang kasapi dahil lubos kaming naniniwala na matutugunan nila ang mgakwalipikasyong hinahanap. Nagbigay sila ng inspirasyon at lakas ng loob sa paglalakbay patungo sa pag-unlad,” sabi

ni CARD MRI Community Development Group Director Marilyn Manila.

Women empowerment

“Lagi naming hinihimok ang aming mga kliyente na lampasan ang kanilang limitasyon. Ang CARD ay sumusuporta sa pagbuo ng kanilang mga pangarap. Lagi kaming naniniwala na makakamit ng aming mga kliyente ang kanilang sariling pangarap na negosyo,” ayon kay CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento.

“Gusto namin na ang aming matatagumpay na kliyente ay magsilbing inspirasyon sa milyon-milyon pa naming mga kliyente. Sa kanilang mga kuwento, nais namin silang magsumikap at ibigay ang lahat ng makakaya

kahit anong problema ang kaharapin bilang isang negosyante” pagbabahagi ni Sarmiento.

Buong pusong ninanais ng CARD MRI na matulungan ang kababaihan. “Nais naming paunlarin ang kakayahan ng ating mga mahihirap na kababaihan upang ituloy ang kanilang mga mithiin,” dagdag pa ni Sarmiento. Tumutulong din ang CARD MRI sa kababaihan sa iba’t ibang aspeto tulad ng *access* sa pampinansiyal na serbisyo, *microinsurance*, *education*, *livelihood training*, kalusugan, at iba pang aspeto upang tulungan silang maging responsableng mamamayan. Sa ngayon, ang CARD MRI ay may higit sa 4.5 milyong mga kliyente sa buong bansa.



BALITANG PANREHIYON

Rizal Bank, Inc., nagbukas ng ika-11 sangay

ni ARVIN XENO CARBON



Solano, Nueva Vizcaya - Sa misyon nitong makatulong sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa, ang Rizal Bank, Inc. (RBI), isang *microfinance-oriented rural bank*, at kasaping institusyon ng CARD MRI ay nagbukas ang ika-11 sangay sa JP Rizal St., National Highway, Brgy. Roxas, Solano, Nueva Vizcaya noong ika-24 ng Abril. Nagpasya ang RBI na buksan ang isang sangay sa

Solano, kung saan ito ang pangunahing *commercial at financial center* ng Nueva Vizcaya, upang magbigay ng dekalidad na serbisyon pangbangko sa mga kliyente nito. Tumutulong ang RBI sa mga urban na lugar upang magbigay ng serbisyon *microfinance* lalo na sa mga mahihirap na pamilya.

“Nagdulot ng positibong pagbabago ang CARD MRI sa aming buhay,” ani Pascuala

Geñoso, RBI *Independent Board Member*. Idinagdag pa niya na tulad ng iba pang *member-borrower*, nagsimula siya sa maliit na *loan* at ginagamit ito sa matalinong paraan. Pinasasalamatan din niya ang institusyon sa pagbibigay sa kaniya ng pagkakataon na maging bahagi ng iginagalang na bangko. Bago maging isang miyembro ng RBI Board, si Gng. Geñoso ay isang

▶ 5

CARD MRI, nagpadala ng tulong sa Marawi City

ni JOSEPH ROLDAN

Bilang isang institusyon na itinuturing na kapamilya ang mga empleyado at miyembro nito, nagpadala ang CARD MRI ng agarang tulong sa mga naapektuhan ng kaguluhan sa Marawi City.

Sa pamamagitan ng CARD, Inc. at mga tauhan nito, agad na nagpadala ng *relief goods* ang CARD MRI sa mga miyembro at empleyado sa Marawi, Saguiran, Ramin, at Marantao. Ito ay bahagi ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) kung saan nagpapaabot ng tulong sa mga miyembro ng higit sa mga karaniwang mandato. Sa harap ng kahirapan, sinisigurado ng CARD na inaalagaan at inaalala nito ang bawat miyembro ng institusyon, pinansyal man ito o materyal na pangangailangan.

Ayon sa *managing director* ng CARD MRI na si Gng. Flordeliza L. Sarmiento, nais nilang maramdaman ng

kanilang mga miyembro at empleyado na handa silang tumulong dahil isa silang institusyon na nagtataguyod sa bawat isa.

Sa pamamagitan ng

CDRAP, nagkaroon ng *relief operations station* sa Pagadian City at Iligan City. Nasa 23 empleyado at 638 miyembro ng CARD MRI at mga

▶ 7

CARD Bank, handa nang magbigay ng financial access sa Baybay, Leyte

ni JEFF TANDINGAN

Dahil sa layuning magbigay ng produktong pampinansyal sa mahihirap na Pilipino, binuksan ng CARD Bank ang una nitong sangay sa Leyte noong Marso 20, 2017. Ang sangay na ito ay matatagpuan sa 389 M.L. Quezon St. Brgy. Gregorio Loreto Sr., Baybay City, “Nalulugod ang

CARD Bank na mabuksan at magbigay ng mga serbisyon pampinansiyal sa Baybay at ang mga katabing komunidad nito. Bilang isang *microfinance-oriented rural bank*, patuloy kaming magbibigay ng *access* sa bawat pamilya ng *financial at non-financial* na mga serbisyo,” ayon kay Gng. Lorenza dT.

▶ 5

Microinsurance arm ng CARD nagbukas sa Davao Oriental

ni RAFFY ANTES

Upang maabot ang mas maraming miyembro sa Mindanao, nagbukas ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ng ika-50 nitong sangay sa Mati, Davao Oriental noong Abril 3.

Ang CARD MBA ay isang institusyong pag-aari at pinamamahalaan ng mga miyembro nito. Ito ang *microinsurance provider* ng

CARD MRI at ang unang *microinsurance* MBA sa bansa.

Ipinaliwanag ni Rona Nava, deputy director for operations ng CARD MBA sa Mindanao, na ang patuloy na paglawak ng CARD MBA ay upang mabilis na matugunan ang pangangailangan sa *microinsurance* ng mga kliyente ng CARD MRI.

Noong 2015, inilunsad

▶ 5

Nais mo bang i-bida ang iyong
REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.



Microinsurance arm
ng CARD ...

ng CARD ang 5-8-40 strategy. Naglalayon ang istrategiyang ito na maabot ang walong milyong Pilipino sa buong bansa at maseguro ang 40 milyong indibidwal sa loob ng limang taon. “Pagdating sa outreach, ang CARD ay patuloy na lumalaki; maging ang demand para sa aming mga serbisyo,” dagdag pa ni Deputy Director Nava. Sa Davao Oriental, inaasahang maglilingkod ang CARD MBA sa 30,000 microfinance clients ng CARD, Inc., at CARD Bank Inc, na parehong miyembrong institusyon ng CARD MRI.

1-3-5 day claims settlement

Ipinahayag ni Deputy Director Nava na ang paglawak ng CARD MBA ay may makabuluhang kontribusyon sa pagsasakatuparan ng kanilang 1-3-5 day claims settlement strategy.

Layunin ng nasabing istrategiya na mabayaran ang isang claim sa loob ng 1-3-5 na target na araw matapos na maisagawa ang validation dito.

Noong Pebrero 2017, nakuha ng institusyon ang 97.35% ng kanilang claims target.

“Ang pagbubukas ng bagong sangay ay isang paghahayag ng CARD MBA ng kanilang commitment sa pagtiyak na ang mga kasapi ng kapisanan ay nakaseguro at pinapahalagahan,” ani Gng. Luzviminda Corpuz, miyembro ng CARD MBA Board of Trustee at isa ring miyembro ng CARD, Inc. sa South Cotabato.

Isang hiwalay na institusyon ang CARD MBA na pag-aari at pinamamahalaan ng mga miyembro ng CARD MRI. Nagbibigay ito ng mga produktong microinsurance tulad ng basic life insurance, retirement savings fund, credit life at golden life insurance program sa apat na institusyon ng CARD MRI - CARD, Inc., CARD Bank, Inc, Rizal Bank, Inc., at CARD SME Bank, Inc. Nakapagseguro na ang CARD MBA ng higit sa 13.5 milyong mga indibidwal sa buong bansa.



Sulit sa BILIS, Sulit sa TIPID!

Principal Amount	New Rates
1 - 200	1
201 - 300	2
301 - 500	3
501 - 600	8
601 - 700	10
701 - 900	12
901 - 1,000	15
1,001 - 1,500	20
1,501 - 2,000	30
2,001 - 2,500	40
2,501 - 3,000	50
3,001 - 3,500	60
3,501 - 4,000	70
4,001 - 5,000	90
5,001 - 6,000	114
6,001 - 7,000	118
7,001 - 9,500	225
9,501 - 40,000	250
40,001 - 100,000	1% of Principal Amount



Rizal Bank, Inc., nagbukas...
simpleng member-borrower ng CARD.

Isa rin siya sa mga nakatanggap ng CARD Balik Eskwela si Nanay (BEN) Scholarship Program. Siya ngayon ay nasa ikalawang taon sa kolehiyo sa kursong Bachelor of Science in Business Management. “Hindi ko sasayangin ang pagkakataon na ibinigay sa akin ng CARD,” dagdag ni

Geñoso.

Bilang pagsulong sa misyon ng CARD MRI na paunlarin ang buhay ng mga mahihirap, nag-alok ang RBI ng iba’t ibang loans at savings na produkto at serbisyo na naaangkop sa pangangailangan ng mga kliyente nito.

Dinaluhan ng mga natatanging indibidwal ang

nasabing pagbubukas tulad nina Flordeliza L. Sarmiento Managing Director ng CARD MRI - , ang President at CEO ng RBI - Elma B. Valenzuela, Independent Board Members ng RBI - Pascuala Geñoso at Faustino Buenaventura. Naroon din ang management committee members, kawani, at mga kliyente.

Naitatag ang RBI noong Mayo 1996 sa pamamagitan

nina Atty. Gregorio at Filomena Suarez, kapwa beterano ng Bangko Sentral ng Pilipinas, upang maglingkod sa Taytay, Rizal kung saan din sila nakatira. Kabahagi rin sila ng parehong misyon ng CARD MRI na matulungan

ang socioeconomically challenged na kababaihan at kanilang pamilya. Opisyal na naging bahagi ng CARD MRI ang RBI noong Enero 25, 2013. Sa kasalukuyan, naglilingkod ang RBI sa higit 170,531 na mga kliyente.

Baybay, Leyte...

Bañez, executive vice president ng CARD Bank.

Tuloy-tuloy na access sa Financial Inclusive Service

“Narito kami upang magsilbi sa mahihirap at kalaunan ay puksain ang kahirapan. Gusto naming matulungan ang kababaihan na magkaroon ng access sa financially inclusive na serbisyo upang magkaroon nang mas maayos na kita ang mga pamilya na aming tinutulungan,” sabi ni Bañez.

Isang microfinance-oriented rural bank ang CARD Bank na nagseserbisyo sa higit sa dalawang milyong socioeconomically challenged na pamilya sa bansa Nagbibigay ito ng micro loans,

savings, at remittance services na makatutulong sa mga kliyente nito upang mapabuti ang kanilang pamumuhay.

Financial literacy

Nagbibigay ng financial literacy ang CARD Bank sa mga kliyente nito. Ibinahagi ni Bañez na nais nilang mapabuti ang buhay ng kanilang mga kliyente hindi lamang sa pamamagitan ng mga pampinansiyal na produkto kundi sa pamamagitan din ng edukasyong pampinansiyal. Ang CMDI, kasamang institusyon ng CARD Bank, ay naghahatid ng Credit with Education (CwE) upang makatulong sa mga kliyente nito na maging mahusay sa pamumuhunan,



LIKE US ON FACEBOOK



CARD Mutually Reinforcing Institutions

Savings caravan idinaos ng Rizal Bank; savings product para sa mga bata, inilunsad

ni JEFF TANDINGAN



Nag-organisa ang Rizal Bank, Inc. (RBI) ng pinakauna nitong *savings caravan*, sa Sta. Cruz, Laguna noong ika-29 ng Hunyo na may temang “Pagiimpok ay laging ugaliin, masaganang bukas ating kakamtin”.

Ayon kay Gng. Elma Valenzuela, RBI *president* at CEO, kapag mayroong sapat na ipon ang isang tao, magkakaroon siya ng mas higit na kalayaan sa usaping pampinansyal, mas mapabibilis makamit ang pag-abot sa mga *financial goal* o maging handa sa biglaang pangangailangan. Hinimok rin niya ang lahat na ugaliin ang pag-iimpok.

Sa isang *Consumer Finance Survey* na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), napag-alaman na 86% ng pamilyang Pilipino ang walang *deposit account* sa anumang bangko.

Habang tumataas ang bilang ng mga Pilipinong nag-iipon ng pera dito sa Pilipinas, hinimok ni Valenzuela ang publiko na mag-ipon ng pera sa bangko dahil mas ligtas ito at nagkakaroon pa ng interes.

Mag-ipon habang bata pa

Sa naganap na *savings caravan*, inilunsad ng RBI ang bago

nitong *savings product* para sa mga bata, ang “Agap-Ipon.”

Ayon sa *Vice President for Finance* ng RBI na si Anna Lorraine Maur, sigurado sila na sa pamamagitan ng Agap-Ipon, matututo ang mga bata na mas maging konserbatibo sa pananalapi at maging mas marunong sa pag-iimpok at pag-invest ng kani-kanilang mga pera.

Sa pamamagitan ng *savings product*, mas makapag-iipon ang mga bata para sa kanilang kinabukasan. Nangangailangan ito ng *initial deposit* na P100 at *average daily balance* (ADB) na P500 upang kumita ng interes kada taon.

Ang mga kliyente na nagbukas ng kanilang mga *account* ay nakatanggap ng mga *coin bank* upang maturuan ang kani-kanilang mga anak na mag-impok nang pakonti-konti at paglaon ay ideposito ito sa sarili nilang *savings account*.

Iba pang savings products

Nag-aalok din ang RBI ng *pledge savings*, isang *weekly compulsory savings* para sa mga miyembro ng bangko. Mayroon ding Tiwala Savings, isang *time deposit account* na dinisenyo para sa iba’t ibang

okasyon at pangangailangan; at ang Kayang-Kaya Savings na isang *passbook account* na dinisenyo upang makamit ang mga pangangailangan ng mga nag-iipon.

Dagdag ni Valenzuela na kinakailangan na magsikap ang mga Pilipino sa pag-iipon at magkaroon ng *emergency fund* kahit na sa maliit lamang na halaga.

Bukas sa mas mabuting serbisyo

Ayon kay *Vice President for Operations* Glenda Atabay, nakikinig ang RBI sa mga mungkahi ng kanilang mga kliyente upang mas maisaayos ang kanilang mga produkto

at serbisyo. Dagdag pa ni Atabay na ang Agap-Ipon ay isang produkto na mula sa pinagsama-samang mungkahi ng mga kliyente dahil ito ang nais nila na ialok ng RBI sa kani-kanilang mga anak.

Ang pagdiriwang ay selebrasyon din ng *savings consciousness week* ng BSP. Dinaluhan ang *savings caravan* ng mga kliyente ng RBI kasama ang kani-kanilang mga anak.

Nagkaroon din ng mga interaktibong palaro para sa mga bata at binigyan ng premyo ang mga nanalo na magsisilbing paunang deposito sa kanilang Agap-Ipon account.

Matapos ang programa, nagbukas ang mga kliyente ng Agap-Ipon account para sa kanilang mga anak. Isang miyembrong institusyon ng CARD MRI ang RBI na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay sa pamilyang Pilipino ng *access* sa kanilang *financial products*. Gayundin sa pamamagitan ng ibang institusyon ng CARD MRI, nakapagbibigay rin ng mga serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon, pangkabuhayan, microinsurance at iba pang capacity building services.

CARD SME Bank, pinalawak ang serbisyo sa mga MSMEs sa Palawan

ni ARVIN XENO CARBON



Upang makapagbigay ng dekalidad na serbisyong pambangko sa mas nakararaming *micro, small at medium entrepreneurs* (MSMEs), binuksan ng CARD SME Bank ang ika-21 nitong sangay sa #36 S. Bonoan Rd. (New Market Rd.), Brgy. Tagumpay, Puerto Princesa City, Palawan noong ika-8 ng Mayo 2017.

Isang *thrift bank* ang CARD SME Bank na tumutugon sa mga pangangailangang pinansiyal ng mga *microfinance clients* nito. Nagbibigay rin ito ng *savings* at *credit facilities* na angkop sa pangangailangan ng mga nagsisimulang MSMEs. Ang CARD SME Bank ay isarin sa 21 miyembrong institusyon na bumubuo sa CARD MRI.

“Mayroong masaganang lupa ang Palawan na angkop sa pagsasaka at nakatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya at kabuhayang pang-agrikultura sa lalawigan. Sinamantala namin ang pagkakataong ito upang makatulong sa pag-unlad ng lalawigan kung kaya’t pinili naming magbukas ng sangay rito,” ayon kay G. Aristeo Dequito, *president* at CEO ng CARD SME Bank.

Nagbibigay ang CARD SME Bank ng maraming uri ng produkto at serbisyo mula sa *deposit accounts* tulad ng *savings, ATM, time deposit at maging kiddie savings (Maagap Savings)* hanggang sa mga *consumer loan* tulad ng *car loan (Drive UR Wheel Loans)* at *housing loan* (Bahay Katuparan Loan). Bukod pa

rito, nagbibigay rin ang CARD SME Bank ng iba’t ibang *business loans* na angkop sa pangangailan ng mga *MSME*, at mayroong *flexible payment terms* at abot-kayang *interest rates* na nagkakahalaga mula P10,000 hanggang P5,000,000. Isang halimbawa nito ay ang *agricultural loan* na dinisenyo upang tugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka at ng iba

pang *agri-businesses*.

Binanggit din ni G. Dequito ang planong pagpapalawak ng serbisyo ng bangko sa Zamboanga sa Hulyo. Ayon pa sa kaniya, “Maliban sa pagbibigay ng tulong pinansiyal, ang CARD SME Bank, sa pamamagitan ng iba pang miyembrong institusyon ng CARD MRI, ay nag-aalok din ng iba pang serbisyo tulad ng *Credit with*

Education (CwE) at ng mga programang pangkaunlaran na naglalayong maiahon ang aming mga kliyente sa kahirapan.”

Isang programa ng CARD MRI ang CwE na nilikha upang sanayin ang mga kliyente ng CARD sa mga produkto at serbisyong pampinansiyal, p a n g k a b u h a y a n , pangkalusugan, at ▶ 7

CARD SME Bank sa Palawan... ◀6

pangkalikasan.

Napapaloob sa *community development* ang mga programang pangkalusugan, pangkabuhayan, pang-edukasyon, *disaster management*, at iba pang serbisyong para sa *capacity-building* ng CARD MRI. Ayon kay Bb. Gina Reyes, *regional director* ng CARD, Inc. Palawan, nasa 3,000 kliyente ng CARD, Inc., ang inilipat sa CARD SME Bank Puerto Princesa upang magkaroon ng *access* sa produkto at serbisyong pambangko.

Ilan sa mga dumalo sa nasabing pasinaya ay sina G. Dequito, Cynthia B. Baldeo, CARD SME Bank Executive Vice President at COO; Mary Jane Perreras CARD SME Bank Senior Management

adviser, at Cherry Boncajes at Anita Rapera Assistant Vice Presidents for Operations. Kabilang din sa mga dumalo ang ilang kawani ng CARD MRI. Matapos ang pormal na pagbubukas ng bagong sangay, maraming kliyente rin ang kaagad na nagbukas ng kanilang *savings account*.

Noong 2007, nabili ng CARD MRI ang Rural Bank of Sto. Tomas, na siya ngayong CARD SME Bank. Itinatag ang CARD MRI noong 1986 ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, kasama ang 14 pang *social development practitioners* upang makatulong sa *rural workers* na walang sariling lupa at upang sugpuin ang kahirapan sa bansa.

CARD MRI nagpadala... ◀4

pamilya ang nakatanggap ng *relief goods* at tulong mula sa institusyon. Nag-organisa rin ng mga kampanya para sa donasyon, pera man ito o materyal na bagay. Sa ngayon, tumatanggap ang CARD MRI ng donasyon mula sa iba't ibang institusyon, organisasyon, at mga pribadong indibidwal para sa karagdagang tulong sa mga lugar na apektado ng gulo.

Ang pinakaunang *relief*

operation ng CARD MRI para sa *conflict areas* sa Bohol noong Abril 2017 kung saan ay may higit 500 pamilya ang nakatanggap ng tulong.

Ang *relief assistance pack* ng institusyon ay may pagkain na sapat para sa tatlong araw at isang *medicine pack*. Noong Abril 2017, nakapagpaabot na ng tulong ang CARD MRI sa nasa 1.2 milyong pamilya simula pa noong 2006.



For inquiries, please contact us at (049) 562-4309 local 108 or email us at cardmri.corpcomm@gmail.com or corpcomm@cardbankph.com

Congratulations

CARD MRI Insurance Agency Inc.

for One Decade of Protecting Your Home



CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

Baybay, Leyte... ◀5

p a n g k a l u s u g a n ,
edukasyon, o sa *income-generating* na aktibidad.

“Kami ay naniniwala na ang edukasyon ay may isang mahalagang papel upang taasan ang pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad sa aming mga kliyente,” bahagi ni Bañez.

CARD Bank at pagsugpo sa kahirapan

Ang Baybay branch ay may humigit kumulang 1,000 nailipat na kliyente mula CARD, Inc. Sa pamamagitan ng tulong ng iba pang institusyon sa ilalim ng CARD MRI, kung saan ang CARD Bank ay isa ring miyembro, ito ay nagbibigay ng mga produktong *microinsurance*, programang pangkalusugan, pang-edukasyon, pang-kabuhayan, at iba pang programang makakatulong upang mapaunlad pa nila

ang kakayahan.

“Nagbibigay kami ng isang *kumpletong* programa sa mga panlipunan at pang-ekonomiyang pag-unlad ng aming mga kliyente. Lagi naming inaasam ang isang bansang malaya sa kahirapan,” sabi ni Bañez.

Ibinahagi naman ni Allyn B. Soller ang kaniyang karanasan sa CARD. Aniya nagbibigay ng maraming benepisyo ang CARD sa kaniyang pamilya. “Sa pamamagitan ng CARD, napag-aral ko ang aking dalawang anak sa kolehiyo na ngayon ay mga propesyonal na. Ang aking bunsong anak ay isa ring *CARD scholar. Stockholder* din ako ng CARD Bank,” ayon pa sa kaniya. Payo niya sa mga kasapi na magkaroon ng disiplina, at maging responsableng miyembro ng CARD para magtagumpay sila sa kanilang negosyo.

EDITORIAL

Libreng edukasyon, pag-asa ng bagong henerasyon

Ilang taon nang panawagan ng mga mag-aaral gayundin ng ilang mambabatas at iba pang sektor ng lipunan ang pagkakaroon ng libreng edukasyon sa bansa. Kamakailan nga'y tuluyan nang natupad ang hangaring ito ng milyong-milyong Pilipino. Isang malaking tagumpay sa bawat Pilipino ang pagpapatupad ni Pangulong Rodrigo Duterte ng libreng edukasyon sa kolehiyo para sa 113 *state universities and colleges* (SUCs) sa bansa.

Nitong nakaraang Agosto 3 ay nilagdaan ni Pangulong Duterte ang Republic Act 10931 o ang "Universal Access to Quality Tertiary Education Act". Layunin ng batas na ito na gawing libre ang matrikula at iba pang *miscellaneous fees* sa mga SUCs, *local universities and colleges* (LUCs), at *technical-vocational* (tech-voc) *schools* sa buong Pilipinas. Hatid din nito ang pagpapatibay ng *scholarship programs* at *student loan programs* para sa mga mahihirap na mag-aaral.

Ayon sa Philippine Statistics Authority, isa sa bawat sampung Pilipino na may edad na 6 hanggang 24 taon ay *out of school child and youth* (OSCYs). Isa sa karaniwang dahilan kung bakit patuloy na nadaragdagan ang bilang ng mga OSCYs ay ang pagtaas ng matrikula sa mga paaralan. Dagdag pa rito ang iba pang problemang pampinansyal na kinakaharap ng bawat pamilyang Pilipino.

Ang pagkakaroon ng libreng matrikula ay isang malaking hakbangin upang mas mapabuti ang kalagayan ng bansa. Bukod dito, ito ay isang malaking tulong para sa

mga pamilya o magulang lalo na sa mga pinakamahihirap na sektor sa ating lipunan. Dahil sa libreng edukasyon, mas maraming pamilya ang mahihikayat na ipadala ang kanilang mga anak sa kolehiyo dahil hindi na nila kailangang alalahanin ang tungkol sa pasaning pinansyal sa pag-papaaral sa kanilang mga anak. Nagbibigay din ito ng pagkakataon para sa mga estudyante na ipagpatuloy ang kanilang mga ambisyon sa buhay nang hindi iniisip ang pasanin sa matrikula. Maraming mga mahihirap na mag-aaral ang mas mahihikayat na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral dahil

bukod sa libre na ang kanilang matrikula ay matatamasa din nila ang mga *scholarship programs* at *stipend* na ibibigay sa kanila ng pamahalaan upang mas masuportahan ang kanilang pag-aaral.

Marami ang umaasa na ang pagbabagong ito ang siyang magsisibol ng pag-asa lalo na sa mga kabataan bilang tagapagmana ng bagong henerasyon na hindi tumigil sa pangangarap ng magandang buhay hindi lang para sa kanilang mga sarili kundi para na rin sa kanilang pamilya, komunidad at maging ang buong bansa. Kung ito ay magpapatuloy nang matagal na panahon, ito ay magresulta

sa mas produktibong mamamayan ng bansa at ang pagkakaroon ng produktibong mamamayan ay maaring magresulta sa pagkakaroon ng maunlad na bansa.

Kaisa ang CARD MRI ng bawat pamilyang Pilipino sa tagumpay na ito dahil ito ay naayon rin sa misyon at adbokasiya ng organisasyon. Naniniwala ang CARD MRI na ang pagbibigay ng libreng edukasyon ay makatutulong sa pagpapatibay ng pag-asa sa bawat pamilyang Pilipino upang iangat ang kanilang sarili mula sa kahirapang natatamasa nila.

Dahil dito, ipagpapatuloy

ng CARD MRI ang pagbibigay ng *scholarship grants* sa mga mahihirap na mag-aaral lalong lalo na sa mga benepisyaryong pamilya ng organisasyon. Bukod sa pagbibigay ng tulong pampinansyal ay ipagpapatuloy din ng CARD MRI ang panghihikayat sa mga komunidad, sa mga pamilya, na pag-aralin ang kanilang mga anak dahil libre na ang edukasyon. Hindi rin titigil ang CARD MRI sa pagbibigay ng mga *sustainable livelihood programs* sa bawat pamilyang Pilipino upang mas maging garantisado ang inaasam nilang maunlad na pamumuhay.

Magpunyagi para sa mga kabataang Pilipino!



SULONG!
Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento **Marilyn Manila**
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cleofe Figuracion
Managing Editor

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Raffy Antes
Jeffrey Tandingan **Derick Licop**
Writers

Arvi Adrian Borja
Layout Artist

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.

CONTRIBUTORS

Araceli Mantilla
Arvin Xeno Carbon
Charlene Espenilla
Cristy Enriquez
Doris Peralta
GoNegosyo
Guada May Brion
Joseph Roldan
Mercedita Medequiso

**CARD Mutually
Reinforcing Institutions**
Official Facebook page

www.cardmri.com
Official Website

Mensahe mula sa Tagapagtatag ng CARD MRI

Dr. Jaime Aristotle B. Alip



Isang karangalan sa akin ang maibigay ang aking serbisyo sa CARD MRI sa loob ng 30 taon. Ikinagagalak ko na makita ang isang institusyon na lumaki at lumago patungo sa iba't iba pang institusyon na naglilingkod sa milyon-milyong kliyente. Napakalaki ng papel ng CARD MRI sa paghubog ng industriya ng *microfinance* dito sa Pilipinas.

Nilalayan ng CARD MRI na pagkaisahin ang industriya ng *microfinance*. Noong 2013 ay pinag-isa natin ang iba't ibang MFIs upang bumuo ng isang programang para sa kalusugan ng ating mga kliyente. Itinaguyod natin ang "MFIs for Health", kung saan 18 MFIs mula sa buong Pilipinas ang

nagsagawa ng libreng *medical* at *dental check-up* sa iba't ibang komunidad.

Ang CARD Mutual Benefit Association ay nakapagbayad ng higit kumulang P495 milyon para sa *insurance benefits* mula noong taong 1999 hanggang 2017. Upang mas dumami pa ang matulungan ng MFIs sa pamamagitan ng *microinsurance*, itinayo ang RIMANSI Organization for Asia and the Pacific, Inc. Patuloy nating pinalalago ang ating adbokasiya na lumakiang bilang ng mga nakasegurong mahihirap na pamilya sa pagpapatibay ng probisyon ng *microinsurance* para sa bawat pamilyang Pilipino.

Pinangunahan natin ang transpormasyon ng Microfinance Standards upang ito ay maging isang pormal na industriya, na tinatawag na Microfinance Council of the Philippines. Dahil din sa ating pangunguna ay nabuo ang kauna-unahang *microfinance credit bureau* ng Pilipinas: ang *Microfinance Data Sharing System* (MiDAS), kung saan ang mga propesyonal ay maaring magbahagi ng kanilang nalalaman upang maiwasan ang polusyon sa pautang.

Sinuportahan din ng CARD MRI ang pagpasa ng Philippine Republic Act No. 10693 o ang *Microfinance NGOs Act* ni Senador Paulo Benigno "Bam" Aquino IV sa taong 2016. Ang batas na ito ay nagsasaad ng paraan upang matulungan ang mga galing sa mahihirap na pamilya. Hindi tayo nauubusan ng mga paraan at ideya na makatutulong sa pag-angat ng buhay ng mga mahihirap. Patuloy nating hinaharap ang hamon ng *5-8-40 Strategic Direction*. Ito ay nangangahulugan na sa 5 taon magkakaroon tayo ng 8 milyong kliyente at 40 milyong nakaseguro na indibidwal. Paano nga ba natin ito magagawa? Magagawa natin ito sa pagtupad sa ating layunin na lumikha ng mga trabaho sa tulong ng pagtustos sa *micro, small and medium entrepreneurs*, pagpapabuti ng kalusugan at edukasyon ng ating mga miyembro at pamilya, at ang pagprotekta sa panganib ng pagkawala ng buhay at pagmamay-ari dahil sa sakit, kamatayan at sakuna. Patuloy tayong bumibisita sa iba't ibang *partners* ng CARD MRI upang makatukoy ng bagong pamamaraan upang mas mapalawak pa ang CARD MRI.

Mensahe mula sa Tagapamahala ng CARD MRI

Gng. Flordeliza L. Sarmiento



Isang kabanata na naman ang nagbukas para sa CARD MRI sa pagsalubong nito sa isang bagong dekada. Sa panibagong hamon sa akin na pangunahan ang mahigit 12,000 empleyado, may pag-asa ako na makakamit natin ang ating plano na sa taong 2020, magiging 8 milyon na ang ating kliyente at 40 milyon na indibidwal na ang ating nabigyan ng seguro.

Marahil sa iba ay isa itong malaking ambisyon, ngunit para sa amin na nakalampas sa mga pagsubok sa nagdaang tatlong dekada ay napatunayan naming lahat ay posible kung bukal sa puso ang paglilingkod sa mga mahihirap.

Sasamahan ng pagmamahal ang paggawa upang matiyak namin ang pagkamit sa ating layunin. Sisiguraduhin namin na sa mga liblib na lugar ay makararating ang aming tulong. Mas lalawakan pa namin ang serbisyo sa mga komunidad na hindi pa napaglilingkuran upang sila rin ay makaranas ng *financial inclusion* at *community development*. Dahil sa mabilis na pagbabago ng mundo gagamitin ang teknolohiya upang mapaganda ang serbisyo sa mga kliyente. Sa taong ito, ilulunsad natin ang *Core Banking System*, ang kauna-unahan sa industriya ng *microfinance* sa buong Pilipinas.

Sa ngayon, habang pinagtitiyap natin ang pagpapabuti ng *economic status* ng ating mga kliyente, layunin din natin na bigyan sila ng oportunidad sa paglago sa aspeto ng kalusugan at edukasyon.

Hinihikayat namin ang mga miyembro na pangalagaan ang kanilang kalusugan, lalo na sa mga komunidad na limitado ang tulong medikal. Mayroon tayong higit 30 community health days (CHD) kada buwan. Lahat ng mga CHD na ito ay dinadaluhan ng higit 500 na indibidwal, binubuo ng mga miyembro kasama ang mga pamilya nila at ang komunidad. Nakikipagtulungan din kami sa mga doktor, nars, ospital at *clinics* upang ang mga miyembro ay makakuha ng diskwento.

Naniniwala kami na malaki ang papel ng edukasyon sa pagbago sa kapalaran ng isang pamilya. Mayroon tayong programa na tinatawag na "One Family, One Graduate" na may layuning suportahan ang edukasyon ng isang miyembro ng bawat pamilya. Ang programang ito ay binubuo ng mga gawaing tumutulong sa mga estudyante upang makapagtapos hanggang kolehiyo. Nag-aalok din kami ng mga *educational loans* at *scholarships*. Sa ngayon, mayroon tayong sinusuportahan na higit 9,000 estudyante. Karamihan sa kanila ay nakapagtapos na at ang iba naman sa kanila ay bahagi na ng ating *workforce* sa pagpapalawak ng pag-unlad sa bansa.

Lubos kaming nagpapasalamat sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) sa pagkilala na pinagkaloob sa amin dahil nagbigay inspirasyon ito upang mas pagbutihin pa namin ang mga serbisyo sa buong CARD MRI.

Marami pa ring bagay ang dapat gawin upang makamit ang ating layunin, pero hindi tayo mawawalan ng pag-asa. Ang bawat hakbang papalapit sa *zero poverty* ay inspirasyon sa amin upang makamit ang misyong maitaas ang antas ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

REPLEKSYON

How to live a blissful married life?

ni CRISTY ENRIQUEZ

Paano nga ba magkaroon ng *blissful* o napakasayang buhay may asawa? Yan ang tanong ng nakararami sa mga kababayan nating may asawa na. Bilang may-bahay, hindi sapat para sa akin ang maging *better wife*. *Why settle for better* lang kung kaya mo naman maging *best*? Para mangyari 'yon, nagbabasa at namumulot ako ng aral mula sa mga totoong karanasan mula sa aking malalapit na

kapatid, kapamilya, kapuso at mga kaibigan. Wala namang perpektong tao, pero kung alam mo ang mga dapat mong gawin upang mas maging maayos ang inyong buhay may-asawa at mapanatili ang *harmony* sa inyong pagsasama, gagawin at susubukan mo ang mga ito. *Why not* kung wala namang mawawala?

Narito ang ilan sa mga payo na nakatulong ng malaki para maging *"always a happy wife"*

at magkaroon ng *"happy life"*.

1. RESPETO, GARANTISADO

Kung gusto ninyong magkaroon ng isang *"healthy marriage"*, ang una at pinakaimportanteng sangkap ay ang RESPETO. Dapat maramdaman ng asawa ninyo na kayo ay patas sa isa't isa at marunong magsaalang-alang ng kaniyang damdamin sa tuwing nagpapasya o nagpapalano ng mga gagawin o susunod na proyekto para sa inyong dalawa. Dahil kung hindi mo pahahalagahan ang opinyon ng iyong asawa, malamang sa malamang na hindi kayo babalanse at mas bibigat pa ang susunod na sitwasyon. Samakatuwid,

sa lahat ng kapasyahan ay huwag mag-atubiling humingi ng opinyon o suhestiyon sa inyong asawa. *In the first place*, hindi na kayo binata't dalaga para solohin lamang ang mga bagay-bagay, meron na kayong katuwang sa lahat, ang inyong *FOREVER*.

Sikaping maging mabuti, mapagmahal, at maunawain sa iyong asawa lalo't higit sa mga panahong kailangan niya ng suporta. Kung hindi maganda ang araw niya, bigyan siya ng *space* upang mag-cool down bago kausapin at irespeto ang kaniyang nararamdaman at huwag salubungin ang init ng ulo kung sakaling makapagtaas siya ng boses dahil paniguradong hindi nila ito maiiwasan o sinasadya.

Sa usaping ito hindi lang respeto sa damdamin niya ang dapat mong isaalang-alang. Nariyan din ang tinatawag na *Spouse Privacy*. Tanggapin mo ang isang katotohanang hindi lahat ng bagay ay pupuwede mong pakialaman dahil mag-asawa na kayo. May mga bagay na gusto ng inyong asawa na manatili bilang *personal matters* tulad ng libangan, *cellphone*, *affiliations* (club), *personal collections*, at iba pa. Hintayin mong sila mismo ang kusang magbahagi nito sa'yo kapag handa na sila at huwag kang maging usisero/usisera na parang may pagdududa ka. Hindi yan maganda!

Hindi sa lahat ng bagay ay pareho ang gusto ninyong

CARD SME Bank nagdaos ng fun run upang itaguyod ang pag-iimpok

ni JEFF TANDINGAN



Mahigit 500 indibidwal ang nagparehistro sa CARD SME Bank *Fun Run* na may temang “Takbo Ko, Impok Ko” na ginanap sa Sampaloc Lake sa Lungsod ng San Pablo, Laguna noong ika-1 ng Hulyo 2017.

Ayon kay G. Aristeo Dequito, presidente at CEO ng CARD SME Bank, bukod sa pagtataguyod ng malusog na pamumuhay, nais nilang hikayatin ang lahat na ugaliin ang pag-iimpok sa bangko.

Ang P150 na *registration fee* sa *fun run* ay nagsilbi ring paunang deposito ng mga kalahok sa pagbubukas ng isang *savings account* o kaya naman ay kanilang inihulog sa sariling *savings account* sa CARD SME Bank.

► 11

Senador Bam Aquino, bumisita sa microbanking office ng CARD SME Bank sa Batangas City

ni CHARLENE ESPENILLA

Bumisita si Senador Paolo Benigno “Bam” Aquino IV sa *microbanking office* ng CARD SME Bank sa Batangas City noong ika-25 ng Mayo at naglaan ng oras upang magkaroon ng simpleng talakayan kasama ang mga miyembro ng nasabing bangko.

Labis na ikinatuwa ng mga miyembro ng CARD SME Bank Batangas 3 ang pagbisita ni Senador Bam Aquino sa kanila. Nagkaroon ng pagkakataon ang ilan sa mga miyembro

na sina Gng. Violeta Cruz, 58 taon gulang; Gng. Amelia Perez, 59 taong gulang; at Gng. Joanna Amarillas, 44 taong gulang na makapagpasalamat sa tulong ng CARD hindi lamang sa kanila kundi maging sa kanilang mga pamilya. Nabanggit ng tatlo na malaki ang naitulong ng CARD at kung paano ito nagbigay daan sa pagpaparaal nila sa kanilang mga anak.

Sa kabilang banda, natutuwa rin ang Senador

sa patuloy na pagdami ng natutulungan ng CARD sa buong bansa hindi lamang para sa mga pinansiyal na serbisyo kundi maging sa linya ng edukasyon. Kaniya ring ibinahagi ang magandang balita na pagpasa sa Senado ng libreng matrikula para sa mga *state universities at colleges* (SUC). Ayon din sa Senador, hindi lamang para sa SUC ang balita kundi maging sa mga nasa pribadong paaralan na kung saan, madadagdagan naman ang *scholarship*

programs para sa mga estudyante. Aniya, patuloy silang magpapasa ng mga batas na makatutulong sa mga mas nangangailangan sa ating bansa.

Nabanggit din ng Senador na kung kailangan ng kinatawan para sa *microfinance institutions*, siya ay malugod na pumapayag. Idinagdag niya na patuloy ang kanilang pakikipag-ugnayan sa CARD. “Kapag magtutulongan tayo, mas

malaki ang pagkakataon na makaangat ang marami,” sabi niya. “Katulad ng samahan sa CARD, sana ganon din sa buong Pilipinas na tuloy-tuloy ang tulungan para sabay-sabay umangat,” dagdag niya.

Patuloy na tumutulong ang CARD MRI sa mahihirap simula pa noong 1986, sa pamamagitan ng mga serbisyong ibinibigay nila sa kanilang mga kliyente at miyembro. Inaasahang patuloy ang CARD sa pagtulong sa mga nangangailangan hanggang sa tuluyan na nitong masugpo ang kahirapan sa bansa.



Financial Literacy para sa mga OFWs sa Singapore. Tinalakay nina CARD MRI Founder at Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip (gitna) at CARD MRI Research Adviser Aniceta R. Alip (ikalawa mula sa kaliwa), kasama sina Philippine Ambassador ng Singapore Antonio A. Morales (ikalawa mula sa kanan), Labor Attache Ramon S. Pastrana (dulong kaliwa) at Consul Mersole J. Mellejor (dulong kanan) ang plano ng CARD MRI na magkaroon ng *financial literacy services* para sa OFWs sa Singapore. Umaasa ang CARD MRI na maisakatuparan ito tulad ng CARD MRI Hong Kong Foundation, isang *non-profit organization* na naitayo taong 2010 na nagbibigay ng *integrated financial literacy program* para sa mga Pilipino sa Hong Kong. - ni DERICK A. LICOP

Encouraging you
TO SAVE
Little by little, Day by day

KAYANG-KAYA
Savings

Regular Savings
with Pass Book



MATAPAT
Savings



Savings Account with ATM Access

MAAGAP
Savings

Savings Account for Kids



OTHER SAVINGS PRODUCT:
TIWALA SAVINGS (Special Savings Deposit)
TAGUMPAY SAVINGS (Recurring Deposit)
CURRENT ACCOUNT (Checking Account)

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya
www.cardbankph.com

A proud member of
BancNet

Member : PDIC, Maximum deposit insured for each depositor P500,000

CARD SME Bank nagdaos... 10

Pumili ang mga kalahok mula sa iba't ibang *savings product* na inaalok ng CARD SME Bank kung saan ay idineposito nila ang kanilang bayad sa rehistrasyon. Ang mga ito ay ang Maagap Savings Account, na dinisenyo na turuan ang mga kabataan sa pahalagahan ang pag-iimpok ng pera; ang iSave, isang *passbook account*; at ang *My A Account*, na nagbibigay ng *access* sa sariling *account* kailanman, saan man, sa pamamagitan ng *ATM card*.

Mula sa 521 na rehistradong kalahok, 341 na bagong account ang nabuksan. Ang iba naman ay mayroon ng savings account sa CARD SME Bank. Nakatanggap din ang mga kalahok ng *freebies* mula sa rehistrasyon katulad ng libreng *singlet*.

Isinagawa ang pagtakbo sa paligid ng Sampalok Lake, na may 3.7 kilometro. Naisakatuparan ito sa pakikipagtulungan ng Savings Bank Foundation for International Cooperation (SBFIC), APEX San Pablo, Matrix Master Marketing, Inc., lokal na pamahalaan ng San Pablo, CARD MRI, Philippine National Red Cross, at City Health Office. Ang *fun run* na ito na isinagawa ng CARD SME Bank ay bahagi ng pagdiriwang ng 2017 Savings Consciousness Week ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

Ipon sa CARD SME Bank

Ayon kay Dequito, ang *fun run* na ito ay isa sa kanilang mga stratehiya upang himukin ang lahat na ugaliin ang pag-iipon ng pera sa bangko.

Sa nakaraang *Consumer Finance Survey* na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), nakahihiligan ng mga

Pilipino ang pag-iipon ng pera. Pero mayroon pa rin na mas pinipili ang pag-iipon sa sarili nilang bahay o maghulog na lamang sa paluwagan. Nasa 86% ng mga Pilipino ang walang *deposit accounts* at ang tinitingnang dahilan ay ang kawalan ng sapat na pera upang mapanatili at masustena ang kanilang *account* dahil na rin sa mataas na paunang deposito at *maintaining balance* na kinakailangan (kasama na ang *service charges*). Hinihimok ni Dequito ang lahat na mag-iipon sa bangko dahil ligtas ito at kumikita sa pamamagitan ng interes.

Ang CARD SME Bank na isang *thrift bank* ay nag-aalok ng iba't ibang *savings products* na naglalayong bigyang-pansin ang pangangailangan ng mga kliyente at miyembro



nito. Dagdag ni Dequito, ang pagsisimula ng isang *savings account* sa CARD SME Bank ay madali – P100 lamang ang kailangan upang makapagbukas nito. Kanilang dinisenyo ang *savings products* na madaling ma-access ng kanilang mga kliyente. Ayon sa kaniya, sigurado sila na

ang mga produkto na ito ay maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kani-kanilang mga buhay.

Binabalak ng CARD SME Bank na mag-organisa ng kaparehong pagtitipon sa iba pang mga sangay nito upang makatulong sa mas

maraming kliyente na ugaliin ang pag-iipon.

Isang kasaping institusyon ng CARD MRI ang CARD SME Bank. Nakatanggap din ang institusyon ng parangal sa BSP sa kategoryang *Financial Inclusion*.



Magkatuwang sa Pag-unlad. Bumisita ang CARD MRI sa *longtime partner* nito na ASA Bangladesh. Sa pagbisitang ito, tinalakay ng *founder at chairman* ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang posibilidad ng pagkakaroon ng *Memorandum of Understanding* (MOU) kasama ang ASA University Bangladesh (ASAUB). Ang MOU ay magsasagawa ng *exchange program* sa pagitan ng mga *faculty at admin officers* ng CARD MRI-Development Institute (CMDI) at ASAUB. Upang mas mapalalim pa ang samahan ng dalawa, umaasa si Dr. Alip na makapagpadala ng mga kawani mula sa CARD MRI patungong Bangladesh upang mas matuto ang mga ito sa mga bagong kaalaman at teknolohiya ng ASA sa *agribusiness loan*. Sa larawan, (sa gitna, mula kaliwa patungong kanan): Gng. Aniceta R. Alip (CARD MRI Research Adviser), Md. Shafiqul Haque Chodhury (ASA Founder and President) at Dr. Jaime Aristotle B. Alip (CARD MRI Founder and Chairman) kasama ang mga opisyal ng ASABangladesh. - ni DERICK A. LICOP

Ang gusto mong bahay ay hindi dapat hanggang pangarap na lang...



Bahay Katuparan Loan

BALITANG PANGKABUHAYAN

CARD, sinusupportahan ang Rosario's Kalamansi Juice

ni ARACELI REAS

Guiuan, Eastern Samar -Ang Mga Likha Ni Inay (MLNI), isang kasaping institusyon ng CARD MRI, ay sumusuporta sa pinakamahusay na kalamansi *juice maker* mula sa Guiuan, Eastern Samar.

Kilala bilang "Island's Best Kalamansi Concentrate", ito ang una at nag-iisang kalamansi *concentrate* na puro at natural na ginawa mula sa sariwang ani ng kalamansi sa makasaysayang isla ng Homonhon. Isa itong isla sa Guiuan, Eastern Samar kung saan si Ferdinand Magellan ay unang dumaong noong Marso 15, 1521.

Si Rosario Amoroto, 50 taong gulang, negosyante at may-ari ng nasabing produkto, ay apat na taon ng miyembro ng CARD Bank, Inc. Ayon sa kaniya, ang pagiging isang miyembro ng CARD ay malaking tulong dahil sa mga benepisyong natatanggap niya at ng

kaniyang pamilya. Kabilang sa mga serbisyo ay ang *insurance*, pangkalusugan at *loan*. Nagsimula ang Kalamansi *concentrate* sa isang grupo na nagsanay sa pamamagitan ng Department of Science and Technology (DOST). Sa kabila ng pagkabigo ng grupo ay nagpasya si Amoroto na ipagpatuloy ang proyekto. Sa pamamagitan ng kaniyang pagtitiyaga, ang negosyo ay walong taon nang tumatakbo. Sa kasalukuyan, ang kalamansi na ginagamit nila para sa *concentrate* ay nagmumula sa pagmamay-ari nilang taniman sa Homonhon, Guiuan.

"Malaki ang pasasalamat ko sa CARD dahil nakatanggap ako ng *insurance claims* noong tinamaan kami ng bagyong Yolanda. Malaking tulong ito para sa pagbangon namin sa buhay at negosyo. Kaya naman aking hinihikayat ang aking mga kaibigan at mga kapitbahay na maging kasapi rin ng CARD," sabi ni Amoroto.

Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 9000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of more than 3 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

AVAILABLE POSITIONS:

- > Account Officer
- > Information Technology Officer
- > Application Administrator
- > Project Coordinator
- > Executive Assistant
- > Accounting Clerk
- > Pharmacy Assistant
- > Internal Auditor
- > Teller
- > Saving Officer
- > Technical Writer
- > Hardware Support Assistant

Please log in to <http://www.cardmri.com/hrcareers/> and submit your application.

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

Daily Maintenance PROMO

BUY 27 AND GET 4 FOR FREE!!

Maintenance Medicine for:

1. Hypertension

- Amlodipine 5mg
- Losartan 50mg
- Metoprolol 50mg

3. Diabetes

- Metformin 500mg

2. Cholesterol

- Simvastatin 10mg/20mg

4. Asthma

- Salbutamol 2mg

Note: For Generic Medicines only
Contact us at 0928-897-1325
or email us at boticard.ho@gmail.com

BotiCARD Inc.
A member of CARD MRI

How to live a blissful ...

dalawa; minsan ay may mga bagay na gusto mo ngunit ayaw naman ng isa. Huwag ipilit ang isang bagay na 'di siya komportable, dahil minsan diyan nagsisimula ang mainitang pagtatalo. Kung hindi gusto, okay lang magpaliwanag, pero kung ayaw talaga, respetuhin na lang.

2. PAST IS PAST

Kung gusto ninyong maging healthy ang inyong buhay may-asawa, iwasan ninyong ungkatin ang mga nakaraang pagkakamali. Dapat mo ring iwasang ipaalala ang mga tao o pangyayari na maghahatid ng lungkot sa inyong dalawa. Sa halip, gawin na lang itong aral at inspirasyon upang makaiwas na maulit itong muli at ma-enjoy ang inyong kasalukuyang samahan habang nagpapalano ng mga nais niyong abuting mga pangarap.

3. MAKINIG MUNA BAGO MAGSALITA

Ang pakikinig ay isang paraan upang ipakita sa iyong asawa ang pagiging mapagbigay sa kaniya. Minsan kahit

How to live a blissful ... 12

walang kuwentang usapin ay napag-uusapan; huwag babarahin o ipapakitang wala kang ganang makinig sa kaniya. Ang punto roon ay ang paghahanap niya ng tao na makikinig at kung saan puwede niyang ilabas ang kaniyang saloobin para gumaan ang kaniyang pakiramdam. Minsan hindi mo kailangang sumagot, makinig ka lang ay sapat na. *Maintain strong communication* at pag-usapan ang mga bagay-bagay sa hinaharap.

4. ASAWA MUNA

Gawing *priority* ang iyong asawa/pamilya. Hindi na tulad ng dati na nagdedesisyon ka lang para sa sarili mo; ngayong may asawa ka na, pananagutan mo na rin ang iyong asawa. Ano mang problema ang meron ka, ang dapat na unang makaalam nito ay ang inyong asawa. Higit kanino man, siya ang mas makatutulong sa iyo upang masolusyunan at malampasan ang anumang pagsubok at problema. Alalahanin ninyong kaya kayo nagpakasal o nagsama ay upang magkaroon ng katuwang habambuhay. Gayundin sa mga malalaking desisyon, hindi ka maaaring magdesisyon dahil lang sa gusto ng magulang, mga kaibigan, o nino pa man. Dapat asawa muna ang kokonsultahin mo sa mga bagay na mahirap desisyunan gaya ng pagbili ng mga ari-arian, *investment*, negosyo at iba pa.

5. PERALANG YAN, WAG NANG PAG-AWAYAN

Kahit gaano katamis ang pagmamahalan ninyo, ay kailangan pa rin ninyong gumastos para mabuhay. Subalit may mga pagkakataong kakapusin ang inyong kita dahil sa taas ng mga bilihin. Huwag kayong

magsumbatan kung saan napunta ang pera at magtalo ng husto. Sa halip, pag-usapan ninyo ng maayos kung paano pagkakasyahin ang *budget* na meron kayo. Gumawa kayo ng plano at ito ang sundin ninyo at gamiting gabay upang ang inyong *budget* ay hindi basta maubos. *Live within your means*, ika nga. Gumastos lamang ng ayon sa inyong *budget*.

Tuwing suweldo, 'wag kalimutang unahing ilaan ang para sa *savings* (*Income - Savings = Expenses*). Maglaan din ng *emergency fund* upang sa ganun ay may magagamit sa panahong kayo'y gipit. Kaya't kung pera lang ang pagtatalunan, tigilan na ninyo yan! Ang pera kikitain mo pa yan, ang asawa mo pag nagkasamaan kayo ng loob, mahirap ng ibalik yan.

6. SORPRESA PERO 'DI BONGGA

Hindi kailangan ng mga magagarbo at mamahaling regalo, yung mga simpleng bagay lang na pinag-isipan o pinaghirapan ay ayos na para mapasaya mo ang iyong asawa. Gaya ng mga *sweet love letters* o *notes*, bulaklak na pinitas lang sa bakuran, pagluluto ng paborito niyang pagkain, at iba pang simpleng bagay na alam mong makapagpapasaya sa kaniya. Maaari rin namang hindi sa materyal na bagay ang gagawin mong sorpresa. Halimbawa ay ang pagkilos sa mga gawaing bahay tulad ng paglilinis, paglalaba, at iba pa. Tandaan na *it's the thought that counts*. Kaya mga mister laging tandaan: magpakilig, para laging astig. At sa mga misis: maglambing para lalong mahumaling.

7. PAKALMAHIN BAGO

3E

ENROLLMENT EXPOSURE EMPLOYMENT



CARD-MRI Development Institute is now accepting enrollees and transferees for SY 2017-2018

New courses offered:

- BS Accountancy
- BS Information System

Ongoing courses:

- BS Entrepreneurship with Specialization in Microfinance

Senior High School:

- Accountancy, Business, and Management (ABM)
- & Information and Communication Technology (ICT) Strands

Technical Vocational

- Microfinance National Certificate II
- Assessment for MF NC II




Scholarships, discounts, & incentives are available for students!

HARAPIN

Hindi mawawala sa isang pagsasama ang pagkakaroon ng mga pagtatalo, pero ito ay parte na ng *growing up* ninyo bilang magkatuwang. Minsan, dala ng init ng ulo ay nakapagbibitaw ng mga salitang hindi dapat sabihin na lalong nagpapalala ng sitwasyon na nauwi sa sakitan at sumbatan. Bago humantong sa ganitong sitwasyon ay kailangang tumahimik muna ang isa at magbigay daan sa bugso ng damdamin ng isa. Kung maaari ay pag-usapan ninyo ang pagbibigay ng pahintulot sa bawat isa na ipagpaliban muna ang mainit na usapin upang makapagpalamig at sa ibang araw na lang ito pag-usapan kapag mahinahon na kayo. Nagiging malala lang naman ito kapag bugso ng damdamin ang umiral. Kaya mas mabuti munang huminga muna saglit at maging kalmado bago magharap muli.

Samantala, kung simpleng tampuhan lamang

ito ay huwag hayaang lumaki pa at iwasang ipagsawalang bahala o ipagpabukas pa. Huwag matulog nang hindi nagkakaunawaan sa simpleng tampuhan.

8. DATE-DATE DIN PAG MAY TIME

Kahit gaano kayo *busy* sa trabaho at sa bahay ay huwag kalilimutan ang *"time together"* hindi kailangang gumastos ng malaki para dito, kahit simpleng lakad lang sa *park* o kain sa labas na hindi kasama ang mga anak para makapagkuwentuhan. Alalahanin ninyong nung kayo ay mga dalaga at binata pa. Huwag mag-uusap patungkol sa mga maseselang paksa na puwedeng pagmulan ng away.

Huwag mahiyang mag-*holding hands* kahit may edad na kayo o makitang nagkikiss sa harap ng publiko.

9. NOT TOO SERIOUS

Mga *knock knock jokes*, *pick-up lines*, kuwentong

barbero, o kahit na anong pakwela ay hindi dapat nawawala. Minsan naman ay samahan din ng konting biruan at kapilyuhan ang inyong samahan, siguraduhin mo lang na mapapangiti siya. Nakapagpapasaya at nakagagaan ng pakiramdam kapag may ngiting laging nakikita.

10. HUWAG KALIMUTAN ANG DIYOS SA BUHAY NINYO

Sinasabi na sa pag-iisang dibdib ay sumusumpa kayo sa harap ng Diyos na kayo ay magiging isa, magsasama sa hirap at ginhawa, at patitibayin kung ano ang pinagkaloo sa inyo. Kaya marapat lang na 'di mawawala sa mag-asawa ang Diyos. Magsimba at sumamba kayo nang sabay at laging isama sa bawat panalangin ang inyong kabiya. Gawing sentro ng inyong pagsasama bilang mag-asawa ang Diyos at hinding hindi kayo magkukulang sa biyaya, proteksyon, at gabay mula sa kaniya.

11. MATUTONG MAGPAHALAGA

Maipakita lang na nagustuhan ninyo ay isang malaking bagay na sa inyong kabiya. Kung nakapagluto siya ng sunog na pritong itlog na alam mo naman na 'di talaga siya marunong magluto ay huwag ninyong laitin, sa halip ay tingnan ninyo ang *effort* nung tao. Dahil sa pag-encourage sa kanila ay lalo nilang pinagbubuti ang isang bagay na sa tingin nila ay nakapagpapasaya sa inyo. Walang malaki o maliit na bagay kapag mahal mo, mag-eeffort ka sa abot ng iyong makakaya.

12. A SIMPLE PARAMDAM MAKES THE DAY COMPLETE

Ito ay minsan *taken for granted*. Simpleng "kumusta ka na?" at alamin ang araw niya sa opisina o sa bahay ay isang malaking



Ang History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold
ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.

BALITANG PANGKALUSUGAN

CARD MRI nagbigay ng serbisyong medikal sa Zambales

ni JEFF TANDINGAN

Nagsagawa ang CARD MRI ng tatlong araw na *Community Health Days* (CHDs) na nakatulong sa higit 1,300 indibidwal sa San Narciso, Subic, at Olongapo City sa Zambales.

Naghahatid ang CARD MRI ng *medical, optical, at dental check-ups* sa mga komunidad upang mailapit ang mga serbisyong pangkalusugan sa mga mahihirap at malalayong lugar.

“Isinasalang-alang namin ang mga pangangailangan ng aming mga kliyente at kanilang mga pamilya at isa sa mga tugon ng CARD MRI ang pagbibigay ng programang pangkalusugan sa mga komunidad na aming pinagsisilbihan,” ayon kay Marilyn M. Manila, Director of Community Development Group. “Pumupunta kami sa mga komunidad na walang

access sa mga serbisyong pangkalusugan. Dahil sa marami sa mamamayang Pilipino ang hindi inuuna ang mga pangangailangang medikal,” dagdag pa niya.

Ibinahagi rin ni Manila na hindi limitado ang CHD sa mga miyembro ng CARD MRI at kanilang mga pamilya. “Ang lahat ay maaaring ipasuri ang kanilang kalusugan.”

Isinasalang-alang ng CARD MRI ang maraming aspeto sa pagtulong sa mga mahihirap upang mapabuti ang kanilang pamumuhay. Naniniwala ang CARD na ang isang malusog na komunidad ay mahalaga sa pag-abot ng maunlad na lipunan. Nagbibigay na ang CARD ng mga programang pangkalusugan at mga serbisyo sa mga pinaglilingkurang komunidad nito mula taong 2006.

CMDI has modern facilities, competent and practitioner faculty members, and an excellent school environment conducive to learning.

We also offer scholarships, discounts, incentives, and student assistantship program to deserving students.

Tuition is only PhP17,500 per year; DepEd vouchers for Senior High School are accepted; Scheduled transportation services are available for students.

For more information on SY 2017-2018 enrollment, call, text, or visit:

Office of the Registrar
CARD-MRI Development Institute, Inc.
Brgy. Tranca, Bay, Laguna
Landline: +63 49 573 0031
Mobile: +63 947 890 2759
Website: www.cardmri.com/cmdi



CARD MRI at PRC San Pablo nag-organisa ng bloodletting activity

ni JEFF TANDINGAN

How to live a blissful... 13

bagay na. Nakapagpapagaan at naghahatid ito ng saya sa iyong asawa kapag naaalala mo siyang kamustahin, simpleng *text* o maikling tawag, at pangangamusta ‘pag kayo ay nagkikita. *At least* alam niya na *concern* ka at may *care* ka sa kaniya. Kung panay reklamo o *bad trip* siya sa trabaho, ay huwag ka na lang magcomment na ikalalala ng sitwasyon; i-encourage mo siya sabay masaha sa likod o konting lambing hanggang sa mawala ang *stress* niya. *Send him/her a sweet message every day* at paniguradong gaganda ang araw niya.

13. UNLI-GAWAN

Hindi dapat nagtatapos ang panliligaw ni mister kay misis kahit na sila ay mag-asawa na o may mga anak na. Ang sarap kaya ng pakiramdam kapag lagi mong nililigawan ang iyong asawa dahil lagi kang nag-iisip ng bagay na ikasasaya niya. Magpasalubong, pumitas ng bulaklak, ipagluto mo minsan ng hindi niya inaasahan, o ikaw ang gumawa ng gawaing-bahay kahit minsan sa isang buwan ay sapat na

para lalong tumibay ang pagmamahalan ninyo. Masarap sa pakiramdam yung araw-araw kang masasabihan ng katagang “*I LOVE YOU*” pagkagising at bago matulog.

Marami pang sikreto sa magandang pagsasama at buhay may-asawa. Ito ay matutuklasan mo na lang dahil araw-araw may matututunan ka at matututo kayong dalawa sa bawat araw na kayo ay magkasama. Ang importante lang ay komunikasyon, komunikasyon at komunikasyon. Lagi kayong mag-uusap at huwag maging mapanghusga dahil ang isang matatag na relasyon ay parang pagtatrabaho sa isang kumpanya; araw-araw ay kailangang pagbutihan at ayusin nang husto ang iyong ginagawa upang ma-promote at mag-level up ka. Masarap ang pakiramdam na alam mong may makakasama ka na habambuhay na tunay na nagmamahal sa’yo kung kaya’t pahalagahan mo ito.



Nag-organisa ang CARD MRI ng isang *bloodletting activity* sa San Pablo City, Laguna noong ika-29 ng Abril 2017 bilang pakikipagtulungan sa Philippine Red Cross (PRC) San Pablo Chapter.

Dalawampu’t anim na *volunteers* ang dumating upang mag-donate ngunit 16 na bag ng dugo lamang ang naibigay sa PRC. Hindi kwalipikado ang ilang *volunteers* dahil sa mataas na presyon ng dugo at iba

pang dahilan. “Gayunpaman, nagpapakita ito na maraming tao ang handang tumulong na pahabain ang buhay ng mga nangangailangan,” ani Marife Abela, CARD MRI MaHP Senior Officer. Umaasa ang CARD na mas marami pa ang magiging *volunteers* sa susunod na *bloodletting activities*.

Nilahukan ng mga kawani at kliyente ng CARD Bank ang nasabing aktibidad.

“Ipagpapatuloy namin ang ganitong aktibidad upang mabigyan agad ang mga kawani at kliyente ng CARD MRI kung kinakailangan nila ng *blood transfusion*,” ayon kay Dr. Roderick Belen, deputy director ng MaHP.

Isinasagawa ng CARD MRI ang *bloodletting activity* dalawang beses sa isang taon mula pa noong 2013 at nakapagbigay na ng higit sa 80 bag ng dugo sa PRC.

BALITANG PANG-EDUKASYON

Iskolar ng CARD MRI, isang lisensiyadong guro na

ni RAFFY ANTES

Isang lisensiyadong guro na si Abigail Allegado Amandy, dating iskolar ng CARD MRI na nagtapos na *cum laude* sa Southern Luzon State University (SLSU). Kasalukuyang siyang nagtuturo sa Pagbilao Grande Island National High School sa Pagbilao, Quezon.

Pagkakataon sa bawat hamon

Ayon sa kaniyang ina na si Gng. Vivian, isang miyembro ng CARD, nagsikap si Abigail na matapos ang kaniyang pag-aaral. "Pumasok siya sa *e-load retail business* upang masuportahan ang kaniyang pag-aaral at magkaroon ng dagdag na kita. Siniguro niya na lahat ng kaniyang kita at ang *scholarship grant* mula sa CARD ay ginamit sa kaniyang pag-aaral at iba pang pangangailangan."

Nang tumama ang Bagyong Glenda, nawasak ang bangkang ginagamit sa pangingisda ng pamilya Amandy, maging ang *fish pens*, at bahay nila. Si Abigail, nasa ikatlong taon sa kolehiyo noon ay halos tumigil na sa pag-aaral.

"Sinabihan ko siya na pansamantalang tumigil sa pag-aaral dahil hindi na namin kayang suportahan ang kaniyang mga pangangailangan. Nasa SLSU siya noon at inantay namin siyang umuwi. Pagkalipas ng dalawang buwang hindi pag-uwi, pinuntahan ko siya sa kaniyang *boarding house* at nalaman ko na siya na ang sumusuporta sa kaniyang pag-aaral. Iniipon niya ang mga barya mula sa kaniyang *allowance* at *scholarship*," ani Vivian

Si Abigail, ay isang paalala na ang kahirapan ay

hindi hadlang upang tapusin ang pag-aaral. "Nagpapasalamat ako sa CARD. Ang *financial* at *scholarship assistance* ay nakatulong na mapabuti ang aming buhay. Kung wala ang CARD, magiging mahirap para sa aking anak na makamit ang kaniyang mga pangarap," dagdag ni Vivian.

Noong Nobyembre 28, 2016, inilabas ang resulta ng Licensure Examination for Teachers (LET) at isa si Abigail sa mga pumasa. Sa ngayon, siya na ang sumusuporta sa pag-aaral ng kaniyang kapatid na lalaki na nasa Grade 9.

CARD Scholarship Program (CSP)

Sumusuporta ang CARD MRI sa mga anak ng kanilang miyembro at mga kliyente sa pamamagitan ng *scholarship* mula pa noong 2000.

Hinahangad ng CARD MRI na makatulong sa mga miyembro nito at mga pamilya nila at magkaroon ng makabuluhang ambag sa pag-unlad at sa pag-angat ng estado ng buhay ng pamilyang Pilipino. Sa higit na isang dekada, sinisiguro ng CARD na patuloy na mapabuti ang buhay ng kanilang mga iskolar at kanilang mga pamilya.

Naniniwala ang CARD na sa pamamagitan ng edukasyon, maaring makamit ang pagbabago. Ang CARD Scholarship Program o CSP ay nagsisilbi sa pamamagitan ng tulong pang-edukasyon at *scholarship* sa mga kasapi, kanilang mga anak, at karapat-dapat na mag-aaral mula sa mga pinakamahihirap na komunidad. Higit sa 9,577 *educational scholarship* ang naipamahagi at 3,482 ang mga iskolar na napagtapos na sa kolehiyo.

CARD-MRI Development Institute, Inc. is **SENIOR HIGH SCHOOL** ready **ENROLL NOW!**



CAREER TRACKS

ACADEMIC

Strand:

- ABM (Accountancy, Business and Management)

Offered in both campuses of CMDI.

TECHNICAL-VOCATIONAL-LIVELIHOOD

Strands:

- Computer Programming*
- Microfinance** (new specialization under Home Economics)

* Offered in CMDI Bay Campus only.
** Offered in CMDI Tagum City Campus only.

CMDI is also currently offering B.S. in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance and an accredited provider and assessment center for Microfinance Technology NC II of TESDA.

CAMPUSES	CONTACT DETAILS
CMDI Bay Campus Brgy. Tranca, Bay, Laguna CMDI Tagum City Campus Purok Mankilam, Tagum City, Davao Del Norte	CMDI Bay Campus Mr. Neil Pollinag School Registrar (049) 573-0031 0947-890-2759 npollinag@yahoo.com CMDI Tagum City Campus Mr. Christian Sandoval School Administrator (084) 216-0955 0949-833-6939 christiansandoval26@yahoo.com

"CMDI is where true people empowerment begins, BUT NEVER ENDS."

CARD MRI Iskolar sa Visayas, nagtipon para sa "Pagbulas"

ni JOSEPH ROLDAN

Muling nagampanan ng CARD MRI, isang organisasyong may adhikaing itaguyod ang kahalagahan ng kabataan sa bansa, ang papel nito sa paghubog sa mga susunod na pinuno ng bansa.

Nagtipon-tipon sa "Pagbulas" ang 43 iskolar ng CARD MRI Visayas noong Mayo 17-20, 2017. Bahagi ang 43 iskolar na ito sa 9,577 kabuuang suportadong iskolar ng CARD MRI sa buong bansa. Mula sa kabuuang bilang ng iskolar ng CARD MRI, 3,482 sa kanila ang nakapagtapos sa kolehiyo.

Gamit ang temang, "Pagkilala sa iyong sarili tungo sa mas mahusay na relasyon sa iyong pamilya, mga kasamahan, at komunidad," ang mga iskolar ay nakibahagi sa tatlong araw na pagtitipon

upang matuto mula sa mga tagapangasiwa ng CARD.

Dinaluhan ang pagtitipon nina Flordeliza Sarmiento, *managing director* ng CARD MRI, Dr. Dolores Torres, *senior management adviser*, Marivic Austria, CARD Bank *president* at CEO, Oliver Reyes, *deputy director* ng CARD MBA, at Jocelyn Dequito CARD, Inc. Executive Director.

Ang unang dalawang araw ng pagtitipon ay nakasentro sa pag-alam at pagsaliksik ng mga iskolar sa kani-kanilang mga sarili.

Si Dr. Torres, isa sa mga unang nagsalita, ay nagbigay ng maikling buod sa kasaysayan ng CARD, isang institusyong itinatag noong 1986 ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip kasama ang

14 pang mga *development practitioner* na may misyon na bawasan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng komunidad.

"Isang magandang lugar ang CARD upang magtrabaho dahil sa ito'y kagila-gilalas at mapagpakumbaba. Ang maayos na pamamahala at pangunguna ay ipinakita ng mga tagapagtaguyod mula sa pagsisimula ng CARD," sabi ni Torres.

Hinikayat naman ni Managing Director Sarmiento ang mga kalahok na maging mas mahusay pa kaysa sa iba, tumuklas ng bago, at maging parte ng misyon ng CARD MRI sa misyon nito na maalisan ang kahirapan sa bansa. Binigyang-diin niya na habang ang CARD ay nagtatagumpay, gayundin ang komunidad at pamumuhay ng mga miyembro na tinutulungan nito sa pamamagitan ng iba't ibang programa.

Samantala, ibinahagi ni Gng. Austria sa mga kalahok ang mga dahilan kung bakit ang CARD MRI ay itinuring na isang sandata sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa. Sa pamamagitan ng mga



SAGIP PLAN

Sagip Plan 1700
(Para sa Sarili)

Sagip Plan 2000
(Kasama ang Pamilya)



KabuklodPlan

Personal Accident Benefit
P50,000
Funeral Benefit
P10,000
Fire Cash Assistance
P10,000

P500

STOCKHOLDERS' SECTION

Isang bukas na liham

Sa CARD MRI,

A *big thanks and gratitude to* CARD MRI na naging katuwang namin sa buhay!

Hindi biro ang pagkakaroon ng malaking pamilya. Isang biyaya namin itong maituturing na ang kaakibat ay malaking responsibilidad. Pito ang anak namin ng asawa kong si Franklin. Bilang magulang, pangarap naming sila ay makapagtapos ng pag-aaral. Bagama't mahirap, talagang nagdesisyon kaming mag-asawa na walang titigil sa kanilang pag-aaral. Malaki ang naitulong ng CARD. Bahagi ng aking inutang ay inilalaan ko sa gastusin ng kanilang pag-aaral. Naranasan ko na isama ang aking anak tuwing *release* ng *educational loan* dahil gagamitin niya

itong pang-*tuition*. Marahil ay sa nakita ng aming mga anak ang pagpupursigi naming mag-asawa, nagsikap sila sa pag-aaral at ngayon nga ay dalawa na lamang ang nasa kolehiyo. Ang lima ay nakapagtapos na ng BS Radiologic Technology, BS Criminology, Bachelor of Arts in Classical Philosophy na ngayon ay nagpapatuloy sa pagpapari, BS Marine Transportation at BS Business Administration.

Subalit hindi lamang pampinansyal na serbisyo tulad ng *loan* ang dahilan ng aking pananatili bilang miyembro.

Nagustuhan ko rin ang marami pang benepisyo gaya ng pagkakaroon ng *life insurance* na mababala lang ang *weekly premium* at may *motor vehicular accidental hospitalization benefit* bagaman wala itong



karagdang bayad. Ako rin ay isa sa mga *stockholder* ng CARD na nakatatanggap ng *dividend* at *in kind*. Ito ay maituturing na *reward* para sa mga miyembro na nagpapakita ng disiplina. *I heartily follow the teachings and policy of CARD imparted by the account officer during center meetings and it surely leads and helps me to improve our quality of life.*

Sa ngayon, ay isa ako sa mga *Board of Director* ng CARD Bank. At sa tuwing dumadalo ako ng *board meeting* ay nakikita at nararamdaman ko ang *values* ng CARD like *competence, family spirit, integrity, simplicity, humility, excellence and stewardship.*

In my ten years as CARD member, I can say that this

institution really helped me and my family a lot.

To the management of CARD MRI and to all the staff, I wish you all the best.

Congratulations and more power.

Lubos na gumagalang,

Mercedita Medequiso

Gabay Tungo Sa Tagumpay

ni GUADA MAY BRION

Hanggang ngayon ay hindi pa rin lubos na makapaniwala si Tita Doris Peralta na makararating siya sa iba't ibang lugar ng dahil sa CARD. Hindi lang dito sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa tulad ng Germany, Cambodia, Thailand at ngayong taon lamang ay sa Japan.

Simpleng may-bahay si Tita Doris ng dumating sa buhay niya ang CARD, 18 taon na ang nakalipas. Likas sa kaniya ang pagiging masipag subalit natuklasan din niya na may angking kakayahan siya sa maayos na pakikitungo sa ibang tao; "*people smart*" ika nga. Mula sa pagiging *center chief* at *MBA coordinator* ay naging presidente na rin siya ng CARD MBA. Naging isa rin siya sa mga *Board of Director* at sa ngayon ay aktibong *microinsurance coordinator*.

Isarinsiyang *stockholder* ng CARD Bank. "Maraming benepisyo sa CARD, pero isa sa mga benepisyong

labis kong ikinatutuwa at ipinagmamalaki ay ang pagiging *stockholder*. Laking pasasalamat ko na nakabili agad ako ng *share of stocks* noong 2006. Mula noon ay taon-taon na akong nakatatanggap ng *dividendo* at *giveaways*," ayon kay Tita Doris.

Sa simula pa lamang ay batid na ni Tita Doris na ang misyon ng CARD ay maitaas ang antas ng pamumuhay ng kababaihan. Lalo pang tumaas ang paghanga niya nang makita niya ang pagmamahal at pagmamalasakit ng CARD sa mga miyembro. "Laging para sa ikabubuti ng mga miyembro". Kaya naman walang paghihintay ng anumang kapalit, patuloy ang kaniyang pagsuporta sa misyon ng CARD. Makikita ito sa lahat ng kaniyang gawain, simula sa kanilang tahanan hanggang sa pamayanan at maging sa simpleng pakikipag-usap niya sa mga miyembro ng bawat *center meeting*



CARD MRI Iskolar ng Visayas ... 15

programang pangkalusugan, at pangkabuhayan, pati na rin ang tulong pinansiyal na ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapaaral sa mga anak ng mga miyembro nito, ang institusyon ay nangangarap na lahat ng pamilyang Pilipino ay maging malaya mula sa kamay ng kahirapan.

Ibinahagi ni *senior HR manager* Angela Poonin ang mga proseso kung paano maging bahagi ng institusyon pati na rin ang mga benepisyo na matatanggap ng mga empleyado sa sandaling sila ay maging parte ng CARD MRI.

Sa huling araw ng pagtitipon, idinaos ang

Hijos Tour kung saan binisita ng mga iskolar ang mga makasaysayang lugar sa Leyte at Samar. Una nilang pinasyalan ang Leyte Capitol sa Tacloban, sumunod ang sikat na MacArthur Park sa Palo, at ang bantog na tulay ng San Juanico Bridge. Pinuntahan din ng mga iskolar ang Saob Cave sa Basey, Samar kung saan nagkaroon sila ng pagkakataon na makilala ang mga naghahabi ng makukulay na banig sa Saob Cave na karamihan ay miyembro ng CARD, at ang bayan ng Balangiga kung saan matatagpuan ang isang parke na lumalarawan

sa madugong labanan na naganap sa Balangiga noong panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano.

Sa nakalipas na tatlong dekada, ang CARD bilang isang *social development organization* ay nagbibigay ng mga programang patungkol sa *microfinance* at *microinsurance* sa Pilipinas at sa ilang bahagi ng Asya. Bukod pa rito, nagbibigay rin ito ng iba pang programa at serbisyo na nakatuon sa pagpapaunlad ng kalusugan, kapaligiran, edukasyon, at dagdag na kaalaman tungkol sa sakuna at kalamidad.